

Nagpahayag ang Pamahalaan ng paunawa sa sapilitang pagsusuri

Ginamit ng pamahalaan ang kapangyarihan sa ilalim ng Regulasyon ng Pagpigil at Pagkontrol ng Sakit (Sapilitang Pagsusuri para sa Ilang Tao) (Cap. 599J) at nilathala sa Pahayagan ang paunawa ng sapilitang pagsusuri, na humihiling sa sinumang taong naroon sa dalawang tinukoy na lugar sa tinukoy na panahon (mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri) na magpasuri ng nucleic acid para sa COVID-19.

Sinabi ng isang tagapagsalita ng Kawanihan ng Pagkain at Kalusugan (FHB) ngayong araw (ika-16 ng Enero), "May bilang ng mga kumpirmadong kasong natagpuan kamakailan lang sa distrito ng Yau Ma Tei at Jordan sa loob ng maikling panahon. Upang maputol ang patuloy na pagkakahawaan sa distrito sa lalong madaling panahon, kamakailang napagpasyahan ng Pamahalaan na gumawa ng higit pang hakbang sa 'sapilitang pagsusuri batay sa mandato' sa tinukoy na lugar na karatig ng silangang bahagi ng Nathan Road, sa hilagang bahagi ng Kansu Street, sa kanlurang bahagi ng Ferry Street at sa timog na bahagi ng Jordan Road.. Sa loob ng tinukoy na lugar, ang mga gusaling may isa o higit pang kumpirmadong kasong natagpuan sa isang yunit sa nakaraang 14 araw ay mapapabilang sa paunawa ng sapilitang pagsusuri sa ilalim ng Cap. 599J. Ang mga taong naroon sa nauugnay na gusali sa nakaraang 14 araw ay kailangang sumailalim sa sapilitang pagsusuri. Ang dalawang gusaling nakakatugon sa pamantayan sa itaas ay saklaw ng paunawa ng sapilitang pagsusuri ngayong araw."

"Ang listahan ng sapilitang pagsusuri sa natukoy na mga lugar sa itaas ay patuloy na ini-uupdate hanggang sa ang peligro ng impeksyon sa distrito ay lalapag sa mababang antas, upang ating makamit ang mabisang pagkontrol ng impeksyon. Dahil ang panganib sa impeksyon sa pamayanan ng tinukoy na lugar ay maaaring mas mataas, hinihikayat ng Pamahalaan ang mga residente sa lugar na agaran at aktibong sumailalim sa pagsusuri, kahit na hindi sila napapailalim sa sapilitang pagsusuri. Ang mga mobile na istasyon ng koleksyon ng spesimen ay magbibigay ng mga libreng serbisyong pagsusuri para sa lahat ng mga residente sa lugar hindi alintana kung napapailalim sila sa sapilitang pagsusuri o hindi. "

Ang mga detalye ng sapilitang pagsusuri ay ang mga sumusunod:

Ang sinumang taong nasa anumang mga sumusunod na nabanggit na mga lugar nang higit sa dawang oras sa anumang panahon mula ika-3 hanggang ika-16 ng Enero 2021 (kasama ngunit hindi limitado sa mga bisita, residente at manggagawa), kailangang sumailalim sa pagsusuri sa ika-19 ng Enero 2021. Kung ang mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri ay dating sumailalim sa pagsusuri sa pagitan ng ika-14 ng Enero at ika-16 ng Enero 2021, ituturing silang nakatutugon sa mga kahilingang itinakda sa sapilitang paunawa ng pagsusuri.

1. 23-25 Reclamation Street, Yau Tsim Mong
2. Top Jade Mansion, 608 Canton Road, Yau Tsim Mong

Ang Pamahalaan ay magtatayo ng isang mobile na istasyon sa pagkolekta ng spesimen sa Kwun Chung Sports Centre at Canton Road sa pagitan ng Jordan Road at Saigon Street (i.e. Jade Street). Ang petsa ng pagbubukas at oras ng pagpapatakbo ng mga mobile na istasyon sa pagkolekta ng spesimen sa magkakaibang distritong nagbibigay ng mga libreng serbisyong pagsusuri ng nucleic acid sa COVID 19 para sa pangkalahatang publiko ay nakasaad sa Annex. Bukod sa mga mobile na istasyon sa pagkolekta ng spesimen, ang mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri ay maaari ring pumiling dumalo sa alinmang mga sentro ng pagsusuri ng komunidad sa lahat ng mga distrito, kabilang ang sentro ng pagsusuri sa komunidad sa Henry G Leong Yaumatei Community Centre, upang makatanggap ng libreng pagsusuri.

Ang mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri ay maaaring pumiling magpasuri sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan:

1. Pumunta sa alinmang mobile na estasyon sa pagkolekta ng spesimen (tingnan ang listahan at mga target na pangkat (kung naaangkop) sa www.coronavirus.gov.hk/eng/early-testing.html) para sa pagsusuri;
2. Dumalo sa anumang mga sentro ng pagsusuri sa komunidad (tingnan ang listahan sa www.communitytest.gov.hk/en/);
3. Kumuha ng pakete sa pagkuha ng spesimen ng laway sa lalim ng lalamunan mula sa alinmang 121 na mga tanggapan ng koreo, mga makinang nagtitinda na inilagay sa 20 mga estasyon ng MTR o 47 na itinalagang mga klinikang general outpatient (mga GOPC) ng Awtoridad ng Ospital at ibalik ang spesimen sa isa sa mga itinalagang pook sa pagkolekta ng spesimen (tingnan ang mga pook ng distribusyon at oras, at ang mga pook sa pagkolekta ng spesimen at oras, sa www.coronavirus.gov.hk/eng/early-testing.html);
4. Sumailalim sa pagsusuri sa alinmang mga GOPC ng Awtoridad ng Ospital sa tagubilin ng isang medikal na propesyonal ng Awtoridad ng Ospital;
5. Sariling mag-ayos ng pagsusuring ipinagkakaloob ng mga pribadong laboratoryo na kinikilala ng Kagawarang Pangkalusugan (DH) at makapagbibigay ng mga abiso sa SMS kaugnay sa resulta ng pagsusuri (tingnan ang listahan sa [www.coronavirus.gov.hk/pdf/List of recognised laboratories RTPCR.pdf](http://www.coronavirus.gov.hk/pdf/List_of_recognised_laboratories RTPCR.pdf)); o
6. Gumamit ng bote para sa spesimen na ipinamahagi sa mga kaugnay na tinukoy na lugar ng Sentro Para sa Proteksyon ng Kalusugan (kung naaangkop), at ibalik ang bote para sa spesimen na naglalaman ng sampol na kinuha ayon sa nauugnay na mga alituntunin.

Binalaan ng tagapagsalita na ang pagsusuring tinanggap sa kagawaran ng sakuna at emergency ng Awtoridad ng Ospital o sa panahon ng pamamalagi sa ospital, o pagsusuring ipinagkakaloob ng mga pribadong laboratoryo na hindi nakapagbibigay ng mga abiso sa SMS kaugnay sa mga resulta ng pagsusuri, ay hindi tumutupad sa mga kahilingan ng nabanggit na paunawa ng sapilitang pagsusuri.

"Kung ang mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri ay mayroong sintomas, dapat silang agad na humingi ng medikal na atensyon at magpasuri ayon sa tagubilin ng isang medikal na propesyonal. Hindi sila dapat na dumalo sa mga mobile na estasyon sa pagkolekta ng spesimen o sa mga sentro ng pagsusuri sa komunidad."

Ang mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri ay dapat ingatan ang abiso sa SMS na naglalaman ng resulta ng pagsusuri para sa pagsisiyasat ng opisyal sa pagpapatupad ng batas kung kailanganin ng opisyal na ibigay ng tao ang impormasyon tungkol sa kanilang pagsailalim sa tinukoy na pagsusuri.

At saka, ang mga taong magpapasuri sa ilalim ng paunawa ng sapilitang pagsusuri ay dapat, hangga't makatuwirang maisasagawa, gumawa ng mga hakbang sa personal na pag-iwas sa sakit kabilang ang pagsusuot ng mask at pagpapanatili ng kalinisan ng kamay, at, maliban sa layunin ng pagsasailalim sa tinukoy na pagsusuri, manatili sa kanilang tirahan at iwasang lumabas hanggang matiyak ang resulta ng pagsusuri hangga't maaari.

Ang anumang katanungan sa mga kaayusan ng sapilitang pagsusuri ay maaaring ilapit sa hotline sa 6275 6901, na bukas araw-araw mula 9am hanggang 6pm. Kung ang mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri ay nagbabalak na magpasuri sa alinmang sentro ng pagsusuri sa komunidad, maaari nilang tingnan ng maaga ang appointment status ng sentro. Ang mga hotline ng mga sentro ng pagsusuri sa komunidad ay matatagpuan sa www.communitytest.gov.hk/en/info/.

Ang Pamahalaan ay magpapatuloy sa paghahanap sa mga taong posibleng nahawaan na naroon sa mga nauugnay na mga lugar, at seryosong patotohanan kung sila ay sumunod sa paunawa ng pagsusuri. Ang sinumang taong hindi sumunod sa paunawa ng pagsusuri ay nagkamit ng pagkakasala at maaaring pagmultahin ng halagang \$5,000. Ang tao ay bibigyan din ng kautusan ng sapilitang pagsusuri na humihiling sa kanya na magpasuri sa loob ng tinukoy na panahon. Ang hindi pagsunod sa kautusan ay isang pagkakasala at ang nagkasala ay mananagot ng multa sa ika-4 antas (\$25,000) at anim na buwang pagkabilanggo.

Ang mga miyembro ng Auxilliary Medical Service at ang kaugnay na mga opisyal ng mga kagawaran tulad sa DH, Kagawaran ng Home Affairs, Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan, Kagawaran ng Pabahay at Puwersa ng Pulis ng Hong Kong, ay binigyan ng kapangyarihan upang gumanap ng ilang mga tungkulin sa ilalim ng nauugnay na Mga Regulasyon sa ilalim ng Ordinansa sa Pagpigil at Pagkontrol sa Sakit (Cap. 599), kasama ang paghiling sa mga indibidwal na magbigay ng impormasyon at tulong kung kinakailangan. Ang sinumang tao na hindi sumunod sa nauugnay na hiling ay magkakasala at mananagot sa isang multa sa antas 3 (\$ 10,000). Ang pagkolekta at paggamit ng anumang personal na data para sa pagsasagawa ng mga pagsusuri sa COVID-19 ay dapat matugunan ang mga kinakailangan sa ilalim ng Ordinansa ng Personal na Data (Privacy) (Cap. 486). Ang mga kagawaran ng pamahalaan o tagapagbigay ng mga serbisyo sa pagsusuri na humahawak sa nauugnay na impormasyon ay maaaring magbigay ng datos sa DH

o iba pang mga kaugnay na kagawaran para sa hangaring anti-epidemya kung kinakailangan. Ang workflow ay hindi kasangkot sa pagbibigay ng anumang personal na datos sa mga samahan o mga tao sa labas ng Hong Kong.

Sinabi ng tagapagsalita, "Hinihimok ng Pamahalaan ang lahat ng mga indibidwal na mayroong pag-aalinlangan sa kanilang sariling kundisyon ng kalusugan, o mga indibidwal na mayroong peligro sa pagkahawa (tulad ng mga indibidwal na pumunta sa mga lugar na mayroong pagsiklab ng epidemya o nagkaroon ng ugnayan sa mga kumpirmadong kaso), na magpasuri kaagad para sa maagang pagtukoy ng mga taong nahawa. Ang FHB ay maglalathala ng mga paunawa ng sapilitang pagsusuri kaugnay sa mga partikular na pangkat kung kinakailangan na may pagsasaalang-alang ang mga pagbabago sa epidemya at ang antas ng paglahok sa pagsusuri."

Katapusan/Sabado, ika-16 ng Enero, 2021

Inilathala sa HKT 20:52

Tagalog